


SANTA CLARA COUNTY MGA BENEPISYO NG ALL-ELECTRIC LIFESTYLE


BAYREN





Ang pagpapatakbo ng isang tahanan na all-electric at may de-kuryenteng sasakyan ay kalahati ng gastos at kpiraso ng enerhiyang ginagamit ng isang tipikal na tahanan na gumagamit ng gas at may de-gasolinang kotse. Ang mga all-electric na tahanan ay mas nakabubuti para sa kalusugan dahil mas lumilinis ang hangin at nagiging mas maginhawa sa loob ng bahay. Kapag nilagyan ng solar ang inyong mga bubong at/o pinili ninyo ang malinis na opsyon para sa inyong kuryente, ito ay makakatulong para labanan ang climate change! Bilang karagdagan sa pagpapakuryente sa inyong tahanan, tingnan ang Bay Area Regional Energy Network (BayREN) upang malaman ang tungkol sa mga puede mong gawing upang mas maging mabisa ang paggamit ng enerhiya at mas makatipid ng pera:


BayREN.org/homes





 **Ang mga Rooftop Solar Panel** ay nagbibigay ng malinis na kuryente. Kung hindi ka makakapagdagdag ng solar sa iyong tahanan o kung hindi kaya ng iyong solar system ang lahat ng iyong pagkonsumo ng kuryente, piliin ang opsyon sa malinis na enerhiya ng iyong utilidad.


 **Ang Battery Storage System** ay kumukuha ng kuryente mula sa mga solar panel sa araw para magamit mo ito kapag mas mataas ang mga presyo ng kuryente sa gabi.


 **Ang Heat Pump HVAC** ay isang electric heating at air conditioning system. Kasama sa mga karaniwang sistema ng tahanan ang mga ducted o ductless na mini-split system. Sa panahon ng tag-araw, pinapalamig ng heat pump na HVAC ang iyong tahanan sa pamamagitan ng paglilipat ng init mula sa loob ng iyong tahanan patungo sa labas. Sa panahon ng taglamig, kumukuha ito ng init mula sa labas ng iyong tahanan upang painitin ang iyong bahay.


 **Ang High-Efficiency Washer at Electric Dryers** ay nag-pipiga ng mas maraming tubig sa mga damit. Dahil dito, mas kaunting oras at enerhiya ang nagagamit sa pagpapatuyo ng mga damit. Maraming mga electric dryer sa pamilihan ang maaaring ikabit nang kasindali ng kanilang mga alternatibong gas.

 **Ang Induction Cooktop** ay isang mas ligtas at matipid na alternatibo sa gas at tradisyunal na mga de-kuryenteng kalan. Kung ikukumpara sa gas, ang mga cooktop na ito ay umiinit nang 2 beses nang mas mabilis, nagbibigay ng higit na kontrol sa temperatura, at malaking tulong sa pagbaba ng polusyon ng hangin sa loob ng iyong tahanan.

 Gumagamit **ang LED Lighting** ng 75% na mas kaunting enerhiya, nagtatagal ng 25 beses na mas mahaba, at hindi naglalaman ng mercury, kumpara sa incandescent lighting.

 **Ang Heat Pump Water Heater** ay 2-3x na mas mahusay kaysa sa mga gas water heater. Gumagamit sila ng kuryente upang ilipat ang init mula sa nakapaligid na hangin papunta sa tangke upang magpainit ng tubig.

 Ang mga **Electric Vehicle** ay maaring i-charge gamit ang rooftop solar system, battery storage system o ang opsyon sa malinis na enerhiya ng iyong utilidad. Ang pagpapalit mula sa sasakyang gumagamit ng gas tungo sa isang de-kuryenteng sasakyan ay nakakabawas sa polusyon sa hangin na ating nalalanghap.

 Maaaring kailanganin ang pag-upgrade ng **Electric Panel** kapag magkakabit ka ng solar, lilipat sa mga electric appliances, o magdadagdag ng electric vehicle charger. Makipag-usap sa isang electrician upang makasigurado na sapat ang kapasidad ng electrical panel upang makalipat mula sa gas patungo sa electric sa hinaharap.

MGA REBATE AT MAPAGKUKUNAN



MAGSIMULA

Nag-aalok ang Home Energy Advisors ng BayREN ng libreng konsultasyon sa mga may-ari ng tahanan at nangungupahan at nagbibigay ng gabay sa mga mapagkukunan at rebate! liskedyul ang iyong appointment sa [BayREN.org/energy-advisor](https://www.bayren.org/energy-advisor), mag-email sa advisor@bayren.org, o tumawag sa **866-878-6008!**

Kilalanin ang Iyong Local Energy Providers

Makipag-ugnayan sa iyong energy provider upang lumipat sa isang mas malinis na mapagkukunan ng enerhiya. Maraming residente ng Santa Clara County ang sineserbisuhan ng Silicon Valley Clean Energy, maliban sa mga residente ng Lungsod ng Santa Clara, San José, at Palo Alto.

- **Silicon Valley Clean Energy:** svcleanenergy.org
- **San José Clean Energy:** sanjosecleanenergy.org
- **Silicon Valley Power (sinisilbihan ang mga residente ng Lungsod ng Santa Clara):** siliconvalleypower.com **Palo**
- **Alto Utilities:** cityofpaloalto.org/Departments/Utilities

Kahusayan ng Enerhiya sa Tahanan at Elektripikasyon

Ang BayREN ay nag-aalok ng mga libreng pagsusuri sa enerhiya sa tahanan, energy saving kit, at mga rebate ng hanggang \$7,750 para sa pagpapahusay ng elektripikasyon at kahusayan sa enerhiya. Nakikipagtulungan ang BayREN sa iba pang mga programa upang bigyan ka ng mga karagdagang rebate: [BayREN.org/homes](https://www.bayren.org/homes)

Ang **Rising Sun Center for Opportunity** ay nagbibigay ng walang bayad na mga pagtatasa ng enerhiya at tubig at pagkabit ng kagamitan. Matuto pa: risingsunopp.org/programs/ghc

Mga Electric Vehicle

Ang mga residenteng kwalipikado sa kita ay maaaring mag-trade in ng modelo ng sasakyan na taong 2005 o mas luma at makakuha ng hanggang \$9,500 mula sa **Bay Area Air Quality Management District** para sa bago o ginamit na electric o plug-in na hybrid na kotse o isang mobility option (pampublikong sasakyan, mga electric bicycle). Matuto pa: BAAQMD.gov/CleanCarsForAll

Bisitahin ang page ng Drive Electric ng **Silicon Valley Clean Energy** upang matuto nang higit pa tungkol sa paglipat sa isang electric car: svcleanenergy.org/drive-electric/

Solar at Battery Storage

Mababawasan ng hanggang 22% ng halaga ng pagkabit ng rooftop solar energy system o solar-powered battery storage system na may mga federal tax credit na valid hanggang 01/01/2024: energystar.gov/about/federal_tax_credits

Nagbibigay ang **Bay Area SunShares** ng mga pana-panahong diskwento sa solar + storage mula sa mga pre-vetted installer na nagsisilbi sa buong Bay Area: Bayareasunshares.org

Ginagawa ng **SunWork** na abot-kaya ang solar para sa mga customer na may mababang singil sa kuryente: SunWork.org/sunwork-bay-area/

Kwalipikado ang Kita

Ang **Home Energy Assistance Program (HEAP)** ay isang programang pinondohan ng pederal na tumutulong sa mga sambahayan na mababa ang kita sa pagbabayad ng mga singil sa enerhiya sa tahanan minsan sa isang taon.

Ang **CARE** ay isang PG&E discount rate program na tumutulong sa mga kwalipikadong customer sa kanilang mga singil sa enerhiya.

Ang mga residente ng Santa Clara ay maaaring matuto nang higit pa tungkol sa LIHEAP at CARE dito: SacredHeartcs.org/energy-service

Ang PG&E **Family Electric Rate Assistance Program (FERA)** ay nagbibigay ng diskwento sa mga singil sa kuryente para sa mga pamilyang may kita ng sambahayan na bahagyang lumampas sa mga allowance ng CARE: Pge.com/fera

Ang PG&E **Energy Assistance Program (ESA)** ay nagbibigay ng mga kwalipikadong customer ng mga pagpapabuti sa kahusayan sa enerhiya sa tahanan nang walang gastos: Pge.com/esa

Ang **GRID Alternatives** ay nagbibigay ng walang bayad na solar para sa mga pamilyang may limitado o nakapirming kita: gridsolar.org

[BayREN.org/homes](https://www.bayren.org/homes) | (866) 878 - 6008 | advisor@bayren.org

Ang BayREN ay pinangangasiwaan ng County of Santa Clara Office of Sustainability (OOS). Upang matuto nang higit pa tungkol sa OOS, bisitahin ang.sustainability.sccgov.org.